Pagsugpo sa mga Daga

Ang pagbibitag ang pinakamahusay na paraan na pangsugpo sa mga tahanan kung saan nakikitang may mga palatandaan ng maliliit na daga. Hindi inirerekomenda ang mga paraan ng paglason. Ang mga pumipitik na bitag (snap traps) ay mumurahin at mayroong dalawang sukat. Ang mas malaking sukat ay para sa mga malalaking daga at ang mas maliit na sukat ay para sa mga maliliit na daga.

Ang mga pagkain tulad ng peanut butter, nuts, bacon, oatmeal, mga piraso ng mansanas, at malambot na candy (tulad ng tsokolate), ay mahusay na mga pain sa mga daga.

Ang mga bitag ay dapat ilagay sa loob, malapit sa mga pader o mga dinadaanan, nakalapat sa pader na nasa tamang anggulo at ang pumipitik na dulong bahagi ay nakaharap sa pader. Mahalaga na maglagay ng maraming mga bitag. Ang mga daga ay hindi pupunta sa isang bitag na nakalagay na ng ilang mga araw, kung kaya ito ay maaaring kailangang ilipat ng ilang mga pulgada kapag walang nahuli pagkatapos ng ilang mga araw.



Paano Kami Makakatulong?

Ang aming mga sinanay na technician ay available upang magsagawa ng inspeksiyon sa tahanan nang walang bayad at magbigay ng payo sa naaangkop na mga paraan ng pagpain at pagbitag, maghanap ng mga posibleng pasukan, at magbigay ng gabay sa pagpapaayos. Upang mag-iskedyul ng inspeksiyon, mangyaring tumawag sa aming opisina sa (408) 918-4770, o magsumite ng kahilingan sa serbisyo sa online sa vector.santaclaracounty.gov.

Kailangan ng tulong sa pagtukoy kung ang mga ito ay bakas mula sa mga daga, mga dumi ng daga, o mga bakas ng pagkakangatngat? Ang mga larawan ay maaaring i-email sa vectorinfo@cep.sccgov.org para sa pagpapatukoy.

Ang prutas na naiwan sa lupa ay maaaring makaakit ng mga maliliit na daga, malalaking daga, at malalaking wildlife tulad ng raccoons, skunks, at coyotes. Tanggalin ang mga nahulog na prutas nang madalas.

Mga Mapagkukunan

California Department of Public Health
(916) 558-1784
cdph.ca.gov

Centers for Disease Control and Prevention
(800) 232-4636
cdc.gov
cdc.gov/rodents/cleaning

Environmental Protection Agency
(415) 947-8000
epa.gov

County ng Santa Clara Vector Control District

1580 Berger Drive
San Jose, CA 95112
Lunes hanggang Biyernes
7:30 a.m. - 3:00 p.m.

Opisina: (408) 918-4770
Fax: (408) 298-6356

vectorinfo@cep.sccgov.org
vector.santaclaracounty.gov

@sccvcd

2/2025

Daga sa Bahay

vector.santaclaracounty.gov (408) 918-4770

Tungkol sa Daga sa Bahay

- Ang daga sa bahay (Mus musculus) ay isang maliit na daga na may malalaking tainga, maliit na itim na mga mata, at maliit na katawan na nasa pagitan ng 2 ½ hanggang 3 ¾ na pulgada ang haba.
- Ang kanilang buntot ay kasinghaba ng kanilang pinaghalong katawan at ulo.
- Ang maliliit na daga ay mayroong mahinang paningin ngunit malakas ang pang-amoy, panlasa, pandinig, at pakiramdam.
- Madali silang nakakaakyat at nakakalusot sa mga bukasan na kasingliit ng isang barya.
- Karaniwang nililimitahan ng maliliit na daga ang kanilang hangganan ng 30 talampakan mula sa kanilang tinitirhan, at karaniwang pumapasok sa mga tahanan sa panahon ng taglagas.

Mga Sakit

- Leptospirosis: kumakalat sa pamamagitan ng tubig at pagkain na kontaminado ng impektadong ihi ng daga.
- Salmonellosis: nailipat kapag ang mga pagkain ay nakontamina ng mga daga.
- Dermatitis: sanhi ng mga kagat ng kagaw.

Mga Palatandaan ng Aktibidad ng Maliliit na Daga

- Mga marka ng pagkakangatngat o mga marka ng ngipin sa plastic, papel, kahoy, cardboard, aluminum, mga wire, drywall, at insulation.
- Maliit na matulis na mga patak at mga mantsa ng ihi.
- Mga maliliit na pugad na gawa sa papel o cardboard.
- Malangis na mga marka sa ibabaw na mga lugar na gawa sa kahoy o may pintura.
- Mga tunog ng pagngatngat, pagkalmot, pag-akyat, maliliit na tunog-daga, o pagtakbo sa mga pader at attic.
- Mga bakas sa mga maalikabok na ibabaw na lugar o sa putik.

Tinitirahan at Pagkain ng Daga sa Bahay

- Maaaring matagpuan sa loob ng mga warehouse o mga lugar ng imbakan, sa pagitan ng mga pader, mga kabinet, sa ilalim ng furniture, at sa loob ng mga electrical box.
- Mas gusto ng maliliit na daga ang mga cereal grain ngunit kumakain din ng maraming pagkain tulad ng pagkain ng alagang hayop, mga butong kinakain ng ibon, mga prutas, at mga gulay.

Itigil ang Pagsalakay

- Takpan ang mga ventilator ng attic at blinds o shutters ng bintana, ibabaw ng mga air shaft, mga tubo ng vent, at iba pang mga bukasan.
- Huwag iwanan ang mga pagkain o tubig ng alagang hayop at linisin ang mga pinagkakainan ng ibon.
- Harangan ang mga daanan sa iyong tahanan sa pamamagitan ng pagpalit sa mga nawawala o sirang mga screen ng vent at pagpapanatiling sarado ng mga shed.
- Takpan ang mga butas o mga puwang sa pagitan ng tiles sa bubong at sa palibot ng mga pasukan ng tubo na may metal, concrete, o ¼ na pulgada ng galvanized hardware cloth.
- Panatilihing mahigpit na nakatakip ang mga basurahan (garbage cans) at putulan ang malalagong mga halaman.

Pagpapanatili ng Bakuran

- Panatilihin na mahigpit na nakasarado at malinis ang mga shed at lugar ng imbakan.
- Itaas ang mga panggatong na kahoy ng 18 pulgada mula sa lupa at malayo ng 12 pulgada mula sa mga pader.
- Ayusin ang mga tumatagas na pansapak sa gripo (spigots) at sirang irigasyon upang matanggal ang mga pinanggagalingan ng tubig.